

Sa Paghahatid at Iba Pang Mga Tula

Paul Alcoseba Castillo

Sa Panahon na Walang Panahon

Ang oras, wari ko'y di matapos-tapos
Na paghahabulan nitong mga kamay
Na walang panahon upang makakaway
Sa mga sandaling laging nauubos.

Tila walang tigil ang pagpapalit-palit
Ng buwan at araw tuwing pinipilas
Ang mga panahong laging lumilipas
At ang mga taóng sadyang nawawaglit.

Kaya't malilimot ang naganap noon,
Ang ngayon at bukas at magpapadala
Ako sa oras ko nang di natatakot.

Dahil parating na ako sa panahon
Na walang panahon para mag-alala
Sa langit: sa lupa, patuloy ang ikot.

Sa Pamamaalam

“What can I tell you that you don’t know
That will make you tremble again?”

—Louise Glück

Tila ika’y akmang muling magbibitaw
ng mga salitang tanging naiwan
tuwing pumapanaw ang iyong pananaw

sa pananatili. Pagkat lumilisan
lahat sa sandali ng pananahimik.
Ngunit saan naman ngayon mananahan

ang ibig sabihing di maisatitik
gayong natuyot na itong mga bibig
nating dati nama’y laging nagtatalik

sa mga usapang walang nakikinig
kundi tayo lamang. Di na masarili
maging ang sariling pakikipagniig

kahit sa panahong ika’y nagdidili.
Ano pa ba’ng silbi ng pananalita
kung di na rin naman muling mahuhuli

ang naibato nang mga pagbabanta?

Manikyurista

Isa-isa niyang pinuputol
ang mga kuko

ng mga parokyano.
Hawak sa isang kamay

niya ang mga daliring
nilinisan ng dumi,

nakahandang gawing kambas
ang mga bagong tabas

nilang mga kuko:
mariin niyang ipinipinta

ang kaniyang kapalaran
sa kamay ng iba.

Sayawan

Walang mga mukha sa dilim
ang mga mananayaw na dumagsa

sa pintong itinutulak ng mga katawang
itinutulak din ng mga nais makaligtas.

At sa halip na sila'y makalabas,
nakapasok naman ang takot

habang apoy na lamang ang naiwan
sa gitna ng sayawan

kasabay ang lumalakas na ritmo
ng kaba, pag-awit ng mga sigaw

at banggaan ng mga katawang
nagsisiksikan patungo sa bungad.

Kapag tapos na ang sayawan,
mamamatay muna ang lahat

ng tugtugin bago sila makalabas
ngunit hindi na makikilala

ang kanilang mga mukha.

Sa Paghahatid

Tulad mong yumaong ngayo'y binubuhat
At inihahatid pabalik sa lupa,
Lisa ang daang ating tinatahak.

Ang bawat hakbang ko'y tila hinahatak
Ang sarili tungo sa pamamayapa
Tulad mong yumaong ngayo'y binubuhat

Sa saliw ng himig na sadyang makupad
Habang pinipigil ang patak ng luha.
Lisa ang daang ating tinatahak

Papunta sa hukay, bago pa ilagak,
Bumibigat lalo ang pagtitiwala
Tulad mong yumaong ngayo'y binubuhat.

Pagdating sa dulo saka masusukat
Ang layo ng hukay at mananariwa—
Lisa ang daang ating tinatahak.

Ipinamalas mo kahit di ko oras
Ang babagtasin kong daan sa paglaya
Tulad mong yumaong ngayo'y binubuhat,
Lisa ang daang ating tinatahak.